

H E K A S I 6

Modified In-School Off-School Approach Modules (MISOSA)
Distance Education for Elementary Schools
SELF-INSTRUCTIONAL MATERIALS



SAAN MASARAP MANIRAHAN, SA POOK RURAL O POOK URBAN?



Department of Education
BUREAU OF ELEMENTARY EDUCATION
2nd Floor Bonifacio Building
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

Revised 2010

by the Learning Resource Management and Development System (LRMDS),
DepEd - Division of Negros Occidental
under the Strengthening the Implementation of Basic Education
in Selected Provinces in the Visayas (STRIVE).

Section 9 of Presidential Decree No. 49 provides:

“No copyright shall subsist in any work of the Government of the Republic of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit.”

This material was originally produced by the Bureau of Elementary Education of the Department of Education, Republic of the Philippines.

This edition has been revised with permission for online distribution through the Learning Resource Management Development System (LRMDS) Portal (<http://lrmds.deped.gov.ph/>) under Project STRIVE for BESRA, a project supported by AusAID.



GRADE VI

SAAN MASARAP MANIRAHAN , SA POOK RURAL O POOK URBAN?




ALAMIN MO

Masdan at suriin ang dalawang pamayanan.

Larawan A



Larawan B





Balikang muli ang larawan A at B.
Ano ang pagkakaiba ng larawang A at larawang B?
Inilarawan dito ang pook urban at pook rural.

Sa modyul na ito, matututunan mo ang pagkakaiba ng pook rural at pook urban.

Game ka na ba?



PAG-ARALAN MO

Pag-aralan ang talahanayan

Populasyong Rural – Urban ng Pilipinas
2000

Pook	Bilang	Bahagdan
Rural	38,894,457	43
Urban	43,604,278	57
Kabuuan	82,498,735	100

- Ano ang mapapansin mo sa populasyong rural at urban?
- Ano ang ipinahihwatig nito?





Basahin upang higit mong malaman ang pagkakaiba ng populasyon urban at populasyon rural.

Ang Populasyong Urban

Ang mga lugar sa bansa na ang kapal ng populasyon ay 500 katao sa isang kilometrong parisukat o higit pa ay tinatawag na pook urban.

Makapal ang populasyon sa pook na ito dahil sa pagdagsa ng mga tao. Kapansin-pansin ang laki ng bilang ng mga tao lalo na sa Metro Manila. Araw-araw maraming tao naglalakad o sumasakay patungo sa paaralan, tanggapan, pamilihan at mga “malls.” Dahil sa sobrang dami ng tao nagkakabuhol-buhol ang trapiko, lalo na sa oras ng pasukan at uwian. Karaniwan ring makikita rito ang mga dikit-dikit na bahay, nagtataasang gusali at iba’t ibang uri ng sasakyan.

Iba-ibang dahilan ang pagdagsa ng mga tao rito tulad ng mahuhusay na paaralan, kalakalan, serbisyo ng pamahalaan, pook pasyalan o pook pang-aliwan, hanapbuhay at ang pagnanasang maranasan ang buhay sa kalunsuran.

Dumudumi ang kapaligiran at nagkakaroon ng polusyon dahil din sa kapal ng tao. Napakaraming suliranin ang idinudulot ng pagdagsa ng tao sa pook urban. Napapansin mo ba ito sa inyong kapaligiran?

Ang Populasyong Rural

Ang mga pook na malayo sa kabayanan ay pook rural. Ang mga tirahan dito ay layu-layo. Maraming nagtataasang punongkahoy at iba’t-ibang uri ng halaman sa paligid. May mga hayop ding pagala-gala. Ang karaniwang hanapbuhay dito ay pagsasaka, pangingsda, pagtotroso, pagmimina at iba pang paraan ng paglinang ng likas na yaman. Mahalaga ang kanilang ginagampanan sa pagtugon sa ating mga pangunahing pangangailangan lalo na sa pagkain. Gumagawa sila ng maraming bagay para sa ikauunlad ng bansa.

Mahigpit din ang pagkakaisa at pagdadamayan ng mga tao rito kahit magkakalayo ang kanilang mga tirahan.








Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong.

- Anu-ano ang katangian ng pook urban? Pook rural?
- Bakit mas matao ang pook urban kaysa pook rural?
- Saan nabibilang ang iyong pook na pinaninirahan? Ano ang gawaing ikinabubuhay ng iyong pamilya sa inyong pook?

Ngayon nalaman mo ang pagkakaiba ng pook rural at pook urban. Paghambingin ang mga ito sa pamamagitan ng Venn diagram



PAGSANAYAN MO

Isulat ang  kung ang pangungusap ay naglalarawan ng pook urban at  kung pook rural. Isulat sa inyong kuwaderno.

- _____ 1. Nagmamadali ang mga tao sa pagpasok sa tanggapan.
- _____ 2. Matagal dumating ang balita sa pook na ito.
- _____ 3. Maraming gusaling komersyal at industriyal.
- _____ 4. Malayo sa kabayanan at maraming halaman.
- _____ 5. Maraming sasakyan at kumpul-kumpol ang mga tao.





TANDAAN MO

- Pook urban ang tawag sa mga lugar o bayan na ang kapal ng populasyon ay 500 katao sa bawat kilometrong parisukat
- Pook rural ang mga lugar na malayo sa kabayanan.



ISAPUSO MO

May nagsasabi na ginhawa ang pamumuhay kapag ikaw ay naninirahan sa mga pook urban. Nakatira na kayo nang maayos at matiwasay sa pook rural, lilipat ka pa rin ba sa pook urban? Bakit?



GAWIN MO

Ilagay sa tamang pangkat ang mga sumusunod na katangian ng pook rural at pook urban. Isulat ang titik ng tamang sagot sa loob ng bawat pangkat.

--	--





- a. Maraming “malls”
- b. Matao at maingay ang paligid
- c. Maraming tanim sa malawak na bukirin
- d. Maraming mabibilis na sasakyan tulad ng “LRT at MRT”
- e. Tahimik, malinis ang hangin at walang polusyon
- f. Maraming uri ng hanapbuhay
- g. Maraming magsasaka at mangingisda
- h. Layu-layo ang mga tirahan
- i. Nagmamadali ang mga tao sa pagpasok sa tanggapan
- j. Mabagal dumating ang balita



PAGTATAYA

Sagutin ng **S** kung sang-ayon ka sa isinasaad ng pangungusap at **DS** kung di-sang-ayon. Isulat sa iyong kuwaderno.

- _____ 1. Maginhawa ang pamumuhay ng lahat ng naninirahan sa pook urban.
- _____ 2. Maraming suliranin ang haharapin ng pook urban kung patuloy ang paglaki ng populasyon dito.
- _____ 3. Karaniwang matatagpuan sa pook rural ang lumilintang sa ating likas na yaman.
- _____ 4. Ang karaniwang hanapbuhay sa pook urban ay pagsasaka, pangingsda at pagtotroso.
- _____ 5. Ang mga mahuhusay na paaralan, mga pabrika, pook pasyalan at hanapbuhay ay ilan sa umaakit sa tao upang mandarayuhan.

PAGPAPAYAMANG GAWAIN

- Kung ikaw ay pamimiliin ng pook paninirahan, saan mo ibig manirahan, pook urban o pook rural?
- Sumulat ng isang talata tungkol sa pamagat na ito _____
“Ang Nais Kong Paninirahan”





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.